

# PROLOGUE

*Madrigal-Del Pilar Nuptials.* Iyon ang bumulaga kay Lena pagbuklat niya ng kopya ng isang lokal na pahayagan. Ilang sandali niya itong pinagmasdan, pagkuwa'y napahugot ng hininga pagkakita sa larawang nakapaskil kasama ng maikling artikulo tungkol sa nalalapit na pag-iisang-dibdib nila ng nobyo. Totoo nga bang ikakasal na siya kay Gener? Parang isang panaginip lang iyon. Parang napakaimposibleng matapos ang ilang taon nilang paghihiwalay, magkakabalikan sila at magpapakasal pa.

*Nasisiraan ka na ba ng bait?* naitanong niya sa sarili. Talaga bang matapos ang ginawa noon ni Gener ay basta na lang niya ito mapapatawad at ngayon ay pakakasalan?

Pero minahal niya ito nang tunay, nang buong puso at walang pag-aalinlangan. Kaya nga sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng mga magulang ng lalaki ay nakipagsapalaran pa rin siya noon. Ang katuwiran niya, hanggang mahal siya ni Gener ay walang makakapigil sa kanya.

*Tanda mo pa ba?* giit ng kanyang isipan. Nanginig

*Kung Nais Mong Lumigaya - Kayla Caliente*

---

ang kamay niyang may tangan ng pahayagan nang magsumiksik sa alaala ang ginawang kasalanan ni Gener. Parang nagpoprotesta ang utak niya at mahigpit na tinututulan ang susog ng kanyang puso.

Ngunit nakapagpasya na siya. Handa siya sa susuungan. Kasunod ang matatag na desisyong iyon ay muli siyang humugot ng malalim na hininga at binatak ang mga balikat. Tanda ng kahandaan niyang makibaka.

Inilapag niya sa mesita ang pahayagan. Sa naging pasya niya, isang nilalang ang batid niyang malamang ay magkaroon ng maling interpretasyon sa kanyang gagawin—si Robert.

*Maiintindihan mo rin ako*, nausal niya kasabay ang pagtatangkang pagbalong ng luha sa kanyang mga mata. Isa pa, bagay lang sa kanya, naghihimutok niyang naidagdag.

Itinutok niya ang paningin sa labas ng bintana at muli ay binalikan ang mga pangyayaring lumipas na....

# 1

“Ehem... Lena, may bisita ka,” sabi ng pinsan niyang si Lynn. Beinte años pa lang siya noon at kasalukuyang naninirahan sa bayan ng San Joaquin. Nakikitira siya sa isang tiyahin kung saan siya inihabilin ng ina bago ito namatay, tatlong taon na ang nakakalipas.

“Ha? Sino?” Napabalikwas si Lena na kanina ay kam panteng nakasandal sa unan at nagbabasa ng aklat.

“Sus! Ito naman, tinanong pa. Sino pa ba kundi ang boyfriend mo?”

“Si Gener.” Bumilis kaagad ang sikdo ng kanyang dibdib.

Wala sa usapan nila ng lalaki na pupuntahan siya nito sa bahay. Hindi nga ba at nag-iingat sila at palihim lang ang pagkikita nila dahil kapwa nila alam na tututol ang mga magulang ni Gener kapag natuklasan ang tungkol sa kanilang ugnayan? Batid naman ng buong taga-San Joaquin kung gaano kataas ang pangarap ng mga Madrigal sa kanilang unico hijo. Bata pa nga lang yata ito ay kinikilatis na nila lahat ng kilalang angkan sa bayang iyon, pati na sa

karatig-lugar, sa pagpili ng posibleng makakaisang-dibdib nito pagdating ng panahon.

“Ba’t siya naparito?” kinakabahan niyang tanong.

“Aba, malay ko. Lumabas ka kaya’t nang malaman mo,” sagot ni Lynn. Sa simula pa lang, isa ito sa nagpahayag ng agam-agam sa relasyon ng dalawa. Natutuwa siya para kay Lena, oo, dahil pangarap yata ng karamihan sa kadalagahan sa bayang iyon na magustuhan ni Gener pero kinakabahan din siya para rito. Sa makailang ulit, sinisi niya ang tadhana kung bakit sa kaisa-isang beses na masiraan ang sasakyan ng lalaki ay sila pa ang nakatagpo nito habang naghahanap ng mekanikong makakakumpuni ng sasakyan. Sinamahan nila ito sa kakilalang mekaniko at iyon ang simula ng pagkakakilala nila at pagkakaroon ni Gener ng interes kay Lena.

Nagkukumahog na tumayo si Lena at nag-ayos ng buhok. Siyang pagpasok ng kanyang Tiya Mardie. “Aba, Ineng, ’yong bisita mo, naghihintay na. Ano’t di ka pa lumalabas diyan?”

“S-sige ho, n-nandiyan na.” Kulang na lang ay mag-kandatapilok siya sa pagmamadaling makalabas. “N-nainip ka ba?” Pinasilay niya ang pinakamatamis na ngiti para salubungin ang lalaki.

“Hindi naman. Isa pa, sulit namang hintayin kita,” bati nito. Ganoon talaga si Gener, likas na matamis ang pananalita. Madali tuloy mahulog ang loob ng kahit sinuman dito.

“Huu! Binola pa ’ko. Hindi na kailangan,” namumulang ganti niya. “Teka, ba’t ka nga pala naparito? M-may problema ba?” pagkuwa’y nag-aalala niyang tanong.

“Wala naman.”

“Pero ang usapan natin, hindi ka paparito. Paano kung may makakita sa iyo?”

“Wala akong pakialam,” mainit na hayag nito. Kasunod niyon ay inabot nito ang dalawang kamay niya at mahigpit na hinawakan. “Nami-miss na kita, eh. Ang tagal na nating di nagkikita.”

“Ano ba namang matagal doon? Noong isang araw lang eh, magkasama tayo,” aniya.

“Matagal na ’yon. Isa pa, sandaling-sandali lang tayo nagkasama, di ba? Ba’t ka kasi nagmamadaling umalis?”

Napatungo siya nang maalala ang mga pangyayari. Sa liblib na burol sila nagkita ng nobyo at habang naroroon sila, kapwa sila natangay ng kanilang

kalooban. Kung hindi nga sa maagap na pagbabalik ng katinuan niya ay baka kung saan na humantong ang tagpong iyon. Sa matinding agam-agam, nagyaya kaagad siyang bumalik na sa bayan.

“Paano, kung anu-ano’ng ginagawa mo. Hindi dapat mangyari sa ’tin ang ganoon,” pagtatapat niya.

“Pero mahal kita, mahal na mahal. Ang hirap pigilan—”

“Gener,” singit niya, “alam mo ang sitwasyon natin. Dapat ay umiwas tayo sa tukso lalo’t di natin tiyak kung ano’ng gagawin ng mama’t papa mo kapag natuklasan nila ang tungkol sa ’tin. Paano kung sa sobrang galit ay ipadala ka sa ibang bansa? O kaya nama’y sapilitan kang ipakasal kay Rona?” Batid ni Lena ang tungkol sa dalagang anak ng nagmamay-ari ng pinakamalaking lupain sa kabilang bayan. Ayon sa kuwento ng nobyo, ito ang napipisil ng mga magulang para ipareha rito.

“Hindi nila ako mapipilit sa ayaw ko.”

Hindi siya sumagot. Kilala na niya ang mga Madrigal. Buong bayan halos ay nagpipitagan sa mga ito. Kagalang-galang din naman ang angkan nila, lamang ay may pagkamakitid ang pananaw sa mundo. Tingin niya, kahit ang anak nila ay

mahihirapang suwayin ang kagustuhan ng mga ito.

“Teka, ba’t nga ba ganito ang pinag-uusapan natin? Nakakasakit ng ulo, eh. Ang mabuti siguro’y mamasyal tayo,” sabi nito.

“Sige, mauna ka’t susunod na lang ako doon,” mungkahi niya.

“Sabay na tayo.”

“Gener, nahihibang ka na ba?” gulat niyang tanong.

“Sawa na ’ko sa pagtatago. Mahal kita’t hindi ko ikinakahiya iyon. Bahala na kung ano mang mabalitaan nina Papa.

Nang mga sandaling iyon ay umakyat pa ng ilang antas ang pagtingin niya sa lalaki. Kung gayong handa itong makipagsapalaran, mukhang totoo nga ang pagmamahal nito sa kanya. “Sandali’t magpapaalam lang ako,” sabi niya at tinungo ang kinaroroonan ng tiyahin.

“Ma’no ngang mag-isip kang mabuti, Hija,” paalala ng Tiya Mardie niya. “Ako’ng kinakabahan para sa ’yo.”

“Wag kayong mag-alala, Tiya. Kaya ko ito; kaya namin ni Gener,” puno ng kompiyansang tugon ni

Lena. Matapos ang mga pahayag ng katipan, malaki ang ibinawas ng takot niyang mahahadlangan ng mga Madrigal ang kanilang pag-iibigan.

---

“Teka, nasaan na ba tayo?” Luminga-linga si Lena paghimpil ng sasakyan. Malayu-layo ang ibiniyahe nila at tantya niya ay mga dalawang bayan na ang kanilang nilagpasan.

“Dating *Hacienda Ramirez* ito ngunit ngayo’y kabilang na sa mga propiedad namin. Noon pa ito nabili ni Papa ngunit wala lang nga siyang panahong i-develop. Ipinamamahala na niya sa ’kin ang pagyayaman sa lugar na ito,” pagbibida ni Gener.

“Hindi kaya tayo masumpungan ng mama’t papa mo?”

“Hindi sila gaanong nagagawi rito dahil hindi pa nga nade-develop. Sabi ni Papa, hindi niya ’ko pakikialaman dahil gusto niyang makita kung anong diskarte ang gagawin ko. Balak ko, papatayuan ko ’to ng swimming pool at saka resthouse para magmistulang resort. Maganda, di ba, lalo pa’t may ilog sa gawi roon na puwedeng paglanguyan? Halika.” Bumaba ito at lumigid sa sasakyan para pagbuksan siya ng pinto.



“Sino’ng nandito?” tanong niya habang ginigiyahan siya ng lalaki papasok ng arkong yari sa bato.

“Sa ngayon, wala. May mga katiwalang nagme-maintain ng paligid pero hindi sila araw-araw pumaparito. Halika sa banda roon,” yaya nito bago pa mag-alangan ang nobya.

Sa tabing-ilog sila humantong. Maraming puno sa kabuuan ng lupain ngunit nasa gawing iyon ang pinakamalalaki at pinakamayayabong. Pagkapresku-presko tuloy ng paligid at kaaya-ayang mamahinga roon habang nakikinig sa malamyos na tunog ng lumalagaslas na tubig.

“Ang ganda rito!” nausal ni Lena habang nakamasid sa kalawakan ng malinaw na ilog.

“Langoy tayo, gusto mo?” mungkahi ni Gener.

“Wala akong dalang panligo.”

“Hindi na kailangan iyon. Tayong dalawa lang naman, eh.”

“Naku, ha? Wala ’yan sa usapan,” tanggi niya sa nababasang pahiwatig nito.

“Maliligo lang naman tayo, ano’ng masama doon? Kung nahihiya kang maghubad, di iwan mo

'yang t-shirt mo."

"Wag na lang." Hanggang maaari ay ibig niyang umiwas sa tukso.

"Wala ka bang tiwala sa 'kin?" Halatang naghinampo ito.

"Hindi sa ganoon. Mas maigi na rin ang nag-iingat."

Hindi na kumibo ang lalaki at tumingin na lang sa ilog. Natensyon naman siya sa mahabang katahimikan.

"Wag ka namang magalit. Para sa kapakanan din natin ang ginagawa ko," sabi niya.

Ilang sandali pa itong nanahimik, pagkuwa'y bumaling sa kanya at ngumiti. "Naiintindihan ko, Sweetheart. Hindi mo lang siguro maiaalis na ma-frustrate ako," anito, sabay akbay sa kanya. "Pero hindi naman siguro masama kung halikan kita."

Hindi na siya tumutol dahil siya rin ay nasasabik na madama ang halik nito.

Sa simula ay masuyo at banayad lang ang pagdampi nito sa kanyang labi ngunit sa paglipas ng mga sandali, unti-unti iyon nagiging mapusok hanggang sa pakiramdam ni Lena ay ibig na nitong

saliksikin ang kaibuturan ng kanyang bibig. Gusto niyang tumanggi ngunit naunahan na rin siya ng init na mabilis na bumalot sa kanyang pagkatao. Sa halip na sawayin ang lalaki, binigyan pa niya lalo ng puwang ang bibig upang mas malaya nitong magalugad ang kaloob-looban niyon.

Hindi niya nalaman kung kailan kumilos ang mga kamay ni Gener. Basta natuklasan na lang niyang naisuot na iyon nito sa ilalim ng kanyang t-shirt at natanggal ang sugpungan ng kanyang bra. Napasinghap siya nang sakupin ng mga ito ang magkabilang bundok at saluysuyin ng palad ang sensitibong mga tugatog.

“Huwag, Gener,” protesta niya ngunit kahit sa sariling pandinig ay walang puwersa ang kanyang pananaway. Natatangay na rin siya ng nakakahibang na mga sensasyon na noon lang niya naramdaman.

Tuluyan na nitong tinanggal ang kanyang mga saplot, pagkuwa’y ito naman ang naghubad. Nang tumambad sa paningin ni Lena ang pagpapahiwatig ng pagkauhaw nito ay saka lang siya inalihan ng agam-agam. Tinangka niyang bumangon ngunit matatag ang pagkakakulong niya sa bigat nito.

“Ayoko... ’wag.” Sinikap niyang makawala.

“Relax. Hindi kita sasaktan,” humihingal na usal ni Gener.

“Please, pakawalan mo ako. Hindi natin ’to dapat gawin. Delikado.”

“Pananagutan ko anumang mangyari sa ’tin.” Nang mga sandaling iyon ay tila tuluyan na itong tinakasan ng katinuan; dinaig na iyon ng matinding init na hindi makuhang paglabanan.

Ngunit ang dalaga ay mas malinaw ang pag-iisip ngayong napipintong maganap ang isang bagay na batid niyang napakaraming puwedeng ibungang komplikasyon. Pero ano ang magagawa niya kung gayong wala siyang sapat na lakas para pigilan ang lalaki? “Huwag, Gener. Mag-isip ka!” bulalas niya.

Saglit itong natigilan. Buong akala niya ay tumagos na sa isipan nito ang sinasabi niya. Umakma siyang itutulak ito upang makabangon na siya ngunit imbis na umalis, kagyat itong kumilos. Sa isang iglap ay napag-ugnay nito ang kanilang mga katawan. Naganap ang di nararapat....

Humihikbi si Lena nang matapos ang mga pangyayari.

“I’m sorry,” paulit-ulit na usal ni Gener kasabay ang masusing paghagod sa buhok at likod niya.

“Hindi ko napigilan.”

“Sabi ko kasing tumigil ka na. Paano na ’yan?”

“Kahit ano’ng mangyari, hindi kita pababayaang. Kung gusto mo, ’wag ka nang umuwi ngayon. Magtanan na tayo.”

Natutukso na siyang pumayag. Ang isang bahagi ng puso niya ay nag-uutos na magpadala na sa suhestyon ng katipan pero ang kanyang isipan ay iba ang sinasabi. Na dapat ay magpakatino siya at ilagay sa ayos ang lahat. “Hindi puwede,” sabi niya matapos ang mahabang pakikipagdebate sa sarili. “Gusto ko, kapwa tayo may basbas ng mga magulang mo’t ng Tiya Mardie ko.”

“Kunsabagay, may punto ka. Pero ’wag kang mag-alala, sa lalong madaling panahon ay ipapaalam ko kina Mama’t Papa ang tungkol sa ’tin,” pangako ni Gener.

## 2

Hindi na kinailangang magtapat ni Gener sa mga magulang niya. Sa isang bayang kagaya ng San Joaquin, madaling kumalat ang tsismis lalo at ang sangkot dito ay ang herederong isa sa pinakamakapangyarihang angkan sa lugar.

Isang gabing kararating ng lalaki buhat sa pakikipagkita kay Lena ay sinalubong kaagad ito ng amang si Don Magno.

“Mag-usap nga tayo, bata ka,” halos pasinghal nitong sabi.

“B-bakit ho, Pa?”

“Palagay ko’y alam mo na kung bakit.”

Kinabahan si Gener sa tono ng ama. Sa kabila niyon, pinilit niyang magpakatatag. “Wala akong ideya, Papa. Bakit ho ba?”

“Huwag mo ’kong gaguhin, Gener. Ano ’tong nababalitaan kong nakikipagkita ka sa anak ng isang magsasaka?”

Naumid ang kanyang dila. Noon, akala niya ay makakaya niyang salungatin ang ama. Akala niya ay

madadaig ng pag-ibig ang kanyang takot dito. Ngunit ngayon, natuklasan niyang mali siya. Maling-mali.

“S-saan n’yo naman ho narinig ’yon? B-baka gawa-gawa lang ng mga malisyosong tao.” Sumagi sa alaala niya ang anyo ni Lena at siya ay napangiwi, tahimik na humingi ng tawad sa katipan sa pansamantalang pagtatatwa. At dahil na rin sa nadamang panunumbat ng konsyensya, nagkaroon siya ng kaunting kapangahasang mangatuwiran. “At saka... a-ano ho’ng masama kung sakaling... kung sakaling totoo man ’yon? Tao rin naman—”

“Ano’ng masama!” Hindi na pinatapos ng ama ang sinasabi niya. “Ewan ko kung napakatanga mo para hindi maintindihan ang itinitimo ko sa utak mo mula nang maliit ka pa. Kung ako noon ay nagpakasal na lang kahit kanino, palagay mo ba’y magiging ganito kaganda ang buhay mo? Hindi! Kaya hindi lang puso ang pinairal ko kundi mas ang isip. At ganoon din dapat ang gawin mo!”

“Kaya n’yo lang ba pinakasalan si Mama’y dahil mayaman ang pamilya nila?”

“Huwag kang impertinente, bata ka. Ang sinasabi ko lang, ’wag puro puso ang pairalin mo. Hindi mo ba napansin, noon pa’y naghahanap na kami ng maipapareha sa iyo at nang hindi ka mapariwara.”

“Pero, Pa, mahal ko si Lena,” di-sinasadyang naibulalalas niya.

“Ah, diyata’t totoo ang tsismis! Sinong Lena ang tinutukoy mo, ’yong anak ni Mario na nagsasaka noon sa isa sa mga bukid natin?”

Napatungo siya.

“*Por Dios*, Hijo! Hindi siya bagay sa ’yo, alam mo ba ’yon?”

“Alam ko, Papa, pero... walang kuwenta sa akin kung ano man ang estado niya sa buhay. Nagmamahalan kami.” Sapilitang pinatatag ni Gener ang tinig kahit ang totoo ay nanginginig ang kanyang mga kalamnan. “Isa pa, ba’t kailangang mayaman pa ang pakakasalan ko? Mayaman na tayo, ah.”

“Generoso, itigil mo ang kabaliwang ’yan, puwede ba? Ang kayamanan, umuunti kapag ibinabahagi sa iba. At kapag pinakasalan mo ang babaeng iyon, mamaya niyan buong bayan ay kamag-anak pala niya.”

“Puwedeng pagyamanin ang kayamanan para sumapat sa lahat,” sabi niya. “Nangangako ako, gagawin ko ang makakaya ko para lumago pa ang kabuhayan natin.”



*Kung Nais Mong Lumigaya - Kayla Caliente*

---

Isang mapaklang ngiti ang sumilay sa labi ni Don Magno. Kung alam lang ng anak niya na nanganganib mailit ang malaking bahagi ng kanilang lupain. May pinondohan siyang negosyo ng sugpo na pumalya dahil sa pag-iiba ng tubig sanhi ng laganap at matagalang tagtuyot. Dagdag pa roon ang perang nawaldas ng asawa niya sa pagsugal-sugal sa mga casinos sa tuwing pupunta ito sa siyudad.

“Inuutusan kita, kalimutan mo na ang babaeng ’yon. Maraming mas babagay sa ’yo,” sabi ng ama.

“Hindi, Papa, masyado n’yo nang pinakikialaman lahat ng aspeto ng buhay ko. Mula sa eskuwelang papasukan ko, sa kursong kukunin ko, sa mga kaibigang sasamahan ko. Ngayon, pati ba naman sa taong mamahalin ko, didiktahan pa rin ninyo ako?” himutok niya.

“Kung hindi ka ba naman tanga, sa puntong iyan kita dapat mas lalong pakialaman! Tataglayin ng babaeng pakakasalan mo ang apelyidong Madrigal, magiging ina siya ng mga anak mo, ng mga batang magpapatuloy ng ating angkan ’tapos magtataka ka pa kung bakit pinanghihimasukan kita. Kung ginagamit mo ang utak mo, mapipiho mong mali ang napili mo. Hindi siya bagay sa ’yo at lalong hindi siya bagay magdala ng apelyido natin. Kaya ngayon pa

lang, simulan mo na siyang kalimutan.”

“Hindi puwede, Pa. Gaya ng sabi ko, mahal ko siya at handa ko siyang pakasalan.” Nangangatog siya sa takot. Noon lang siya sumuway sa ama at natuklasan niyang hindi iyon isang magandang karanasan.

“Aba’t susuwayin mo ba ako?” nanggagalaiting bulalas ni Don Magno. “P’wes, gawin mo. Iyon ay kung handa kang kalimutang ama mo ako at anak kita. Dahil sa sandaling ipagpilitan mo ang iyong kalokohan ay itatakwil kita. Ngayon, nasasaiyo ang pagpapasya. At kung puwede sana, mag-isip-isip kang mabuti dahil wala nang urungan kapag nakapagdesisyon ka na.”

Malumanay ang pananalita ni Don Magno ngunit alam ni Gener na nagpupuyos ito sa galit. Kaya nang iwan na siya nito ay para siyang nauupos na kandilang napaupo sa sofa.

Pinili naman ni Doña Martina ang pagkakataong iyon para lapitan ang anak. Kanina ay nakatayo lang ito sa bukana ng sala, nagkukubli sa malaking haligi para huwag mapuna ni Don Magno, at masusing nakikinig sa pagtatalo ng mag-ama.

“Hijo, intindihin mo sana ang papa mo. He’s just

*Kung Nais Mong Lumigaya - Kayla Caliente*

---

after your own good.” Tinabihan nito ang anak sa sofa at hinagud-hagod ang kanyang buhok. “Maski naman ako, hindi ko gugustuhin kung sino lang ang mapangasawa mo.”

“Pero mahal ko ho si Lena. Siya ang gusto kong pakasalan.”

Ibig mapahumindig ni Doña Martina sa tinuran niya. Sanggol pa lang si Gener, pinaplano na nito ang magiging buhay ng anak. Nasa imahinasyon na nito ang klase ng babaeng makakatuwang niya sa buhay. At hindi ang klase ni Lena ang nasa hinagap nito, lalo pa ngayon na nalalagay sa alanganin ang kabuhayan nila. Sa kabila ng panririmarim, sinikap nitong magpakahinahon. “Bata ka pa, Hijo. Marami ka pang babaeng makikilala. Kung dangan kasi’t ayaw mong seryosohin ang pakikipagkaibigan sa mga dalagang ipinakikilala namin sa ’yo ng papa mo,” sabi nito sa tinig na nagpapahiwatig ng pagdamay.

“Ayoko sila! Ayoko ’yong mga laki sa layaw na gusto, bawat kapritso’y masusunod,” maigting na katuwiran niya.

“Hindi naman lahat sila ay ganoon. May mga mababait din naman. Nandiyan si Rona. Nakapag-abroad na siya’t lahat ay ni hindi mo pinansin. Think how happy we’ll be if you choose

to fall in love with her. Puwede rin naman si Lexie. Magkababata rin kayo n'un."

"No, Ma, desidido na ako. Pakakasalan ko si Lena sa ayaw ninyo't sa gusto," pagmamatigas niya.

"Hijo, maghunos-dili ka. Huwag mong pairalin ang galit. Kung makikipagmatigasan ka sa papa mo, ano'ng mapapala mo? Your father would really disown you at kahit ayokong mangyari 'yon, there would be nothing I could do about it," paliwanag ng ina.

Natigilan na naman si Gener. Lumaki siyang tanggap na ang ideyang balang araw ay sa kanya mapupunta lahat ng ari-arian ng kanilang pamilya. At masakit sa pandinig ang sinasabi ng inang malaki ang posibilidad na mawala ang mga ito sa kanya. "He won't do it. Kanino pa niya puwedeng ipamana ang mga 'to, aber? There's nobody else."

"Mas nanaisin pa niyang ihandog ito sa kawanggawa," patag ang tinig na hayag ni Doña Martina.

"You're kidding!" bulalas niya.

"I'm afraid not, Hijo. Kilala ko ang papa mo at ang pinakaayaw niya sa lahat ay iyong pinagmamatigasan siya."

“Ma, ano’ng gagawin ko? Nagmamahalan kami ni Lena.” Gusto nang mapaiyak ni Gener. Pakiramdam niya ay naiipit siya sa nag-uumpugang bato.

“Give it time. Baka naman ma-realize mo na hindi mo ganoon kamahal ang Lena na ’yan. O kaya, malay mo, baka lumambot ang puso ng papa mo balang araw. Basta ’wag kang magpadalos-dalos ng desisyon. You’re just twenty-two, for goodness’ sake! Marami ka pang panahon.”

Matagal siyang natahimik. “I guess you’re right,” pagkuwa’y nasabi niya. “Pero, Ma, how do you live with the knowledge that one of the reasons he married you was that your family’s rich?”

“Mahal na rin naman niya ako,” simpleng tugon ni Doña Martina. Hindi na nito ipinaalam sa anak na ang pagiging mayaman ng angkan ni Don Magno ay malaki rin ang naging papel sa pasya niyang pakasalan ito kahit na may iba siyang napupusuan. Hindi na niya ipinagtapat na dahil sa pag-uugnay ng dalawang angkan, naisalba ang kanilang kabuhayan na noon ay naagnas dahil sa pagkakasakit ng kanser ng kanyang papa. “Well, maaasahan ko ba ang kooperasyon mo, Hijo?” Mataman nitong tinitigan ang anak.

“Yes, Ma. For now.”

*Kung Nais Mong Lumigaya - Kayla Caliente*

---

“That’s my boy.” Nakangiti siyang niyakap ng ina.

Iniisip naman ni Gener, kailangan na maging maingat ulit sila ni Lena sa pagtatago ng kanilang relasyon. Hindi niya inaasahang may nakaamba palang mabigat na suliranin.

# 3

Sa bahay ni Tiya Mardie, gimbal na nakatitig si Lena sa kalendaryo. Noon pa niya sinusubaybayan ang mga petsa, mula nang may mamagitan sa kanila ni Gener. At ngayon, magdadalawang linggo ang nakakalipas sa araw na dapat sana ay dumating ang kanyang buwanang dalaw, hindi pa rin siya dinadatnan.

Noong una ay ayaw niyang magpataranta. Maraming dahilan kung bakit nahuhuli ang dating ng regla ng isang babae, sabi niya sa sarili. Pero nang makaramdam siya ng panghihina, madalas na pagkaantok at nitong umaga ay pagsama ng sikmura, kinabahan na siya.

“Uy, ano’ng tinitingnan mo diyan?”

Napalundag siya nang tapikin ni Lynn sa balikat. “W-wala. Tinitingnan ko lang... Ah, wala.”

“May-sakit ka ba? Ba’t namumutla ka ’ata?” usisa nito, sabay dama ng noo ng pinsan.

“M-medyo masama nga ang pakiramdam ko.... Lynn, b-buntis ’ata ako.” Hindi na nakatiis, naibulalas na ni Lena ang pinangangambahan.

“Ano!” Napaantanda ito. “Eh, teka, alam na ba ni Gener?”

Umiling siya. “N-natatakot akong sabihin sa kanya.”

“Loka! Kailangang malaman niya. Kabahagi siya ng problemang ’yan kaya dapat lang na magdamayan kayo.”

“H-hindi pa kasi sigurado, eh. Natatakot naman akong magpunta sa doktor at baka matsismis ako.”

“Kesa naman sa kakaba-kaba ka. Isa pa, kung buntis ka, dapat mong mapangalagaan ’yang nasa sinapupunan mo. Tara, magbihis ka’t sasamahan kita sa doktor,” yaya ni Lynn.

Hindi na tumutol si Lena.

---

Parang binuhusan ng pagkalamig-lamig na tubig si Lena nang sabihin ng doktora ang resulta ng ginawang pagsusuri sa kanya.

“Buntis ka nga, Hija. Mag-aanim na linggo na ’yang dinadala mo,” anito.

“Diyos ko po! Ano’ng gagawin ko?” naibulalas ni Lena.



“Importanteng mabigyan mo ng tamang pag-aalaga ang sarili mo. Para na rin ’yon sa kalusugan ng magiging baby mo,” sabi ng manggagamot na tila ayaw makinig sa suliranin ng pasyente nito.

“G-ganoon nga siguro ang gagawin ko. Sige po, salamat, Doktora.” Litong lumabas siya ng silid at pinuntahan si Lynn na nakaupo at naghihintay sa labas ng klinika.

Isang tingin lang sa mukha ng pinsan ay alam na nito ang resulta ng pagsusuri. Maagap siya nitong inakbayan. “Ipapaalam natin kay Gener. Walang ibang paraan,” hayag nito.

---

“Sigurado ka?” Iyon ang unang tanong ni Gener nang sa pagkikita nila ng katipan ay matuklasan nito ang problema.

Tumango si Lena. “Nagpa-checkup na ako. Gener, ano’ng gagawin natin?”

Hindi ito makapagsalita. Parang umuukilkil pa sa pandinig niya ang naging pag-uusap nila ng ama ilang araw pa lang ang nakakalipas. “E-ewan ko. P-pag-iisipan ko.”

Hindi iyon ang kanyang inaasahan na katugunan.

*Kung Nais Mong Lumigaya - Kayla Caliente*

---

*Di ba sabi mo noon pananagutan mo anumang mangyari sa atin? ibig niyang isumbat dito ngunit nagtimpi siya. Kailangang mapanatili niya ang dignidad sa pagkakataong iyon.*

Nang makita naman ng lalaki ang expression sa mukha ng katipan ay dagling nabagbag ang kalooban nito. Kagyat siyang niyakap nang mahigpit. “Don’t worry, ako’ng bahala. Makakaisip tayo ng paraan.” Muli itong natahimik, halatang nagninilay-nilay. “Lena, ano kaya kung... kung pakasal tayo nang palihim?”

“Ano?” Napaangat ang mukha niya.

“Hindi ko puwedeng tahasang kalabanin si Papa pero kung kasal na tayo, wala na siguro siyang magagawa. Lalo pa kung alam niyang magkakaapo na siya.”

Ayaw sana ni Lena. Naniniwala pa rin siyang mas mainam kung di magiging patago ang pag-iisang-dibdib nila at may basbas iyon ng mga taong malapit sa kanila ngunit naunahan na siya ng takot. “S-sige....” nanlulumo niyang sang-ayon.

---

“Tama ba ’yang gagawin mo?” sabi ni Lynn nang ipaalam dito ng pinsan ang pasya.

“Pakiramdam ko, wala akong pagpipilian. Kailangang isaalang-alang ko rin ang kinabukasan nitong dinadala ko,” dahilan ni Lena.

“Puwede mo naman siyang buhayin nang ikaw lang at—”

“Sino ang bubuhayin?”

Napalundag ang dalawang nag-uusap sa silid sa biglang pagsasalita ni Tiya Mardie na hustong papasok ng pinto at narinig ang sinabi ni Lynn. Kunot ang noong nagpalipat-lipat ang tingin nito sa dalawa bago tumigil kay Lena. “Buntis ka ba?” pautos na tanong nito.

“O-opo.” Napatungo siya bago sumagot.

“Anak ng....! O, ano’ng sabi ni Gener? Handa ba niyang panagutan ’yan?”

“O-opo. M-magpapakasal kami. P-palihin nga lang muna.”

“Di bale, ang mahalaga’y pakakasalan ka niya. Aba, nakakahiya naman kung malaman ng buong bayan na isa kang disgrasyada. Iningat-ingatan ko ang reputasyon natin kaya di iyon dapat basta-basta madungisan. Kung dangan kasi’t di mo ginagamit ’yang utak mo, eh! Hindi naman ako nagkulang sa

paalala.”

“Inay naman, pagdamay ang kailangan ni Lena, hindi panunumbat,” sabad ni Lynn.

“Nagpakatanga siya! Hindi siya nakinig sa mga payo ko, ’tapos ngayon sasabihin mong pagdamay ang kailangan niya. Hoy, Babae! Itinuring kitang tunay na anak magmula nang mamatay ang inay mo pero hindi ko akalaing ikaw pa ang magdadala ng kahihyan sa pamamahay ko. Pinalaki ko nang wasto itong si Lynn. Nagtiyaga ako sa kapapaalala sa kanya dahil ayokong masangkot sa ganyang kahihyan kaya siguraduhin mong pakakasalan ka ng Gener na iyon kung di’y... Kuuu! Que tanga-tanga kasi!” Iyon lang at nagpupuputak pa ring lumabas si Tiya Mardie.

Noon lang nakita ni Lena na magalit nang ganoon ang tiya niya. Mas lalo tuloy siyang nakaramdam ng panliliit. “Pasensya ka na, Lynn. Pati kayo’y nadamay sa kahihyan ko,” hingi niya ng paumanhin sa pinsan.

“Wag mo na munang isipin ’yon. Eh, kelan ba ang kasal ninyo ni Gener?”

“Sa susunod na Biyernes. Puwede bang... puwede bang samahan mo ako?”

“Sige, walang problema doon.”

Araw ng kasal nila ni Gener. Maagang-maaga pa ay gising na si Lena. Magkahalong pananabik at pangamba ang nananalaytay sa kanyang puso. Sa isang banda, natutuwa siya at makakaisang-dibdib na niya ang lalaking minamahal. Sa kabilang dako, parang maling-mali ang dahilan ng kanilang pagpapakasal. Kasama pa roon ang takot sa magiging reaksiyon ng mga magulang ng nobyo kapag nalaman ang ginawa nila.

Pero hindi muna niya dapat isipin iyon, sabi niya sa sarili. Dapat ay pagtuunan na muna ng pansin ang mga magaganap sa napakahalagang araw na iyon ng kanyang buhay.

---

Sa mansion ng mga Madrigal, maaga ring nagising si Gener. Ngayon ay kasalukuyan siyang nakatayo sa harap ng salamin, nilalaro sa imahinasyon ang magiging buhay sa hinaharap.

Humugot siya ng hininga. Nang mga sandaling iyon ay parang natatakot siya. Takot na takot.

“Hijo, breakfast is ready. Gising ka na ba? Sabay na tayong bumaba.” Binulabog siya ng pagkatok ni Doña Martina sa silid.

“Nandiyan na, Ma.” Mabilis niyang tinungo ang pinto at binuksan iyon.

“What’s the matter, Son?” Nahalata kaagad nito ang pangangalumata ng anak.

“Ma, may problema.”

“Problema? Ano?”

Natagpuan na lang ni Gener ang sariling isinisiwalat ang tungkol sa plano nila ni Lena sa araw na iyon.

“My God! Are you out of your mind? Papatayin ka ng papa mo,” napapahumindig na bulalas ni Doña Martina.

“Buntis si Lena, Ma. Anak ko ang batang dinadala niya; apo ninyo ni Papa. Hindi ko siya puwedeng basta na lang pabayaang.”

“Hindi ko sinabing pabayaang mo siya. Pero ’wag mo naman siyang pakasalan nang basta-basta.”

“I have to.”

“Anak, pag-usapan natin ’to.” Giniyahan siya ni Doña Martina patungo sa kama at pinaupo roon.

---

*Kung Nais Mong Lumigaya - Kayla Caliente*

---

Matagal nang naghihintay si Lena, kasama si Lynn, sa opisina ng hukom na magkakasal sana sa kanila ni Gener. Kapwa silang nagsisimula pagpawisan nang malamig.

“Ano bang oras ang usapan n’yo?” sa makailang ulit ay tanong ni Lynn.

“Alas nueve y media.”

“Ba’t wala pa siya, eh, mag-a-alas-onse na?”

“Hindi ko alam. Hindi kaya... hindi kaya may nangyari sa kanya? Baka naaksidente siya o baka binugbog ng papa niya.” Dala na rin ng tensyon, nagsimula nang mag-hysterical si Lena.

“Huminahon ka. Teka, ang mabuti siguro’y puntahan na natin siya,” anito.

“Natatakot ako.”

“Kailangang malaman natin ang nangyari. Halika na.”

---

“Naku, wala si Señorito Gener,” sabi ng katulong na nagbukas ng gate.

“Saan siya nagpunta? Kausap kasi namin siya’t dapat ay magkikita kami kanina pa,” ani Lynn.

“Hindi ko alam kung saan sila nagpunta.”

“Sila?”

“Kasama niya ang mama’t papa niya.”

“S-sige, pagbalik niya, pakisabi na lang na nagpunta rito si Lena,” ani Lynn.

“Sige po pero baka matagalan ’yon.”

“Bakit naman matatagalan?” gulat na tanong ni Lena na noon lang nahanap ang dila.

“Kasi may mga dala silang bagahe. Dinig ko, mag-a-abroad. Hindi ko nga lang sigurado kung saan ang tungo.”

Dagling nagpaalam si Lynn saka giniyahan ang pinsan na tingin nito ay hihimatayin na.

---

Matagal nang nakatitig sa kawalan si Lena. Gabi na noon at kasalukuyan siyang nakaupo sa lilim ng mga kawayang nasa bakuran ni Tiya Mardie. Hindi niya alam kung ano ang mararamdaman o ang gagawin. Desperadung-desperado na siya. Ang taong inaasahan niyang dadamay sa kanya, ang taong nangakong magkatuwang nilang haharapin ang problema ay kagyat na naglaho. At mula nang



malaman ng tiyahin niya ang pangyayari ay hindi siya kinikibo nito. Halatang galit na galit ito sa kanya.

Akmang tatayo na siya para pumasok sa bahay nang makarinig ng pagtawag. Isang binatilyo ang naaninag niyang nakatayo sa labas ng bakuran. “May kailangan ka?” tanong niya.

“Ipinapatawag ka ni Doña Martina.”

“Doña Martina? Akala ko’y umalis sila.”

“Hayun siya, o.” Itinuro ng binatilyo ang sasakyang nakaparada sa di-kalayuan. Sa tabi niyon ay nakatayo si Doña Martina.

Hindi na nagpatumpik-tumpik pa si Lena. Mukhang mahalaga ang sadya sa kanya ng mama ni Gener para puntahan siya sa ganoong oras ng gabi.

“A-akala ko ho’y n-nangibang-bansa kayo?” sabi niya nang makalapit sa doña.

“Gusto kitang makausap,” ani Doña Martina matapos pasimpleng suyurin ng mga mata ang anyo ng kaharap. Ni hindi nito pinag-aksayahang sagutin ang tanong niya.

“Tungkol kay Gener?”

“Oo. Halika, sumakay ka’t sa kotse tayo mag-usap.”

*Kung Nais Mong Lumigaya - Kayla Caliente*

---

Nag-alangan siya. Dapat ay ipaalam niya sa tiyahin at pinsan na aalis siya ngunit nag-aalangan siyang bumalik pa sa bahay habang naghihintay sa kanya ang doña. Ayaw na rin niyang gambalain ang pagtulog ng mga kasambahay.

“Naghihintay ako, Hija.” Nagpapahiwatig ng pagkainip ang tinig ni Doña Martina.

Sapat na iyon para mataranta siya at mapilitang sumunod sa utos nito. Lumulan siya sa sasakyan. “Ano ho’ng pag-uusapan natin?” nangingimi niyang usisa nang medyo malayu-layo na ang itinatakbo ng kotse ay wala pa ring imik ang kasama.

“Hindi ka puwedeng pakasalan ni Gener,” walang kaabug-abog na hayag nito.

“Pero mahal niya ako....”

“Kalokohan ’yang pagmamahal na iyan. Mga bata pa kayo kaya hindi n’yo nalalaman ang konsekuwensya ng mga kilos n’yo.”

“Gusto ko siyang makausap. Gusto kong malaman ang nasasaloob niya.”

“Wala na siya. Kasama ang papa niya, nagpunta sila sa Hongkong; mula doon ay tutungo sila ng America. Hindi mo na siya makikita.”

“Bakit pa n’yo ako kinausap kung ganyang wala na pala si Gener.” Mangiyak-ngiyak na si Lena ngunit sinikap niyang huwag gumaralgal ang tinig.

“Ayoko ng gulo. Ayokong masangkot sa masamang usap-usapan ang aming angkan. At tiyak kong mangyayari ’yon kapag hinayaan kitang manatili sa bayang ito. Ang mga kagaya mo, alam kong sobrang matsitsismosa. Hindi ako papayag na sira-siraan n’yo ang pamilya namin.”

Hindi siya makahuma. Parang siya pa ang pinararatangan ng mabigat na kasalanan gayong siya na nga ang inaagrabyado. “Kung ikinahihiya n’yo ang isang bagay, di n’yo sana ginagawa.” Naging pangahas siya sanhi ng ngitngit.

“Impertinente! Hindi pa ipinapanganak ang taong lalapastangan sa akin!”

“Ano ang gusto ninyong mangyari?” Gusto na niyang malaman ang punto ng pag-uusap na iyon. Pagod na pagod na siya at ibig nang makauwi at makapagpahinga.

“Umalis ka ng San Joaquin.”

“Ano? Saan naman ako pupunta? Wala na akong kamag-anak sa ibang lugar.”

“Wala akong pakialam kung saan ka man mapadpad. Basta’t dapat ay mawala ka sa bayang ito.”

Napatitig si Lena sa doña. Diyata’t nahihibang na ito. “Ibalik n’yo na ako sa ’min,” sabi niya rito. “Mamang driver, iuwi n’yo na ako,” utos niya sa lalaking nagmamaneho ng kotse.

“Hindi puwede,” malumanay na sabi ni Doña Martina. “Huwag kang mag-alala. Bibigyan kita ng sapat na pera. Makakapagsimula kang muli. Ang kondisyon ko lang, huwag kang babalik ng San Joaquin.”

“Hindi puwede.”

“You have no choice.”

Pakiramdam ni Lena ay isang masamang panaginip ang lahat. Ni sa hinagap ay hindi niya nailarawang mangyayari sa kanya ang gayon. Mabilis ang takbo ng sasakyan. Kung tatalon siya, baka kung ano ang mangyari sa kanya. Mayamaya ay naramdaman niyang may isiniksik sa kanyang kamay ang doña.

“Hayan ang limampung libong piso; gamitin mo sa pagsisimulang muli. Ihahatid ka namin sa isang lugar na walang makakakilala sa ’yo. Doon mo isilang

ang bastardo mo at bahala ka kung ano'ng gusto mong gawin sa kanya. Basta 'wag na 'wag ka lang magpapakita sa San Joaquin.”

“Itigil n’yo ito’t bababa na lang ako.” Kung nakapag-isip-isip si Lena, malamang ay mapipiho niyang puwedeng patulan ang alok ng doña. Makakalayo siya sa mapanuring mga mata, may pera pa siyang gugugulin sa pagsisimulang muli. Ang kaso, masyado siyang nabigla at nataranta kaya hindi malinaw ang kanyang pagpapasya.

“Hindi puwede, naiintindihan mo. Kapag sinabi kong hindi puwede, hindi puwede!” asik ni Doña Martina.

Nag-panic na rin si Lena. Hindi na nag-isip, kagyat niyang ibinalibag ang bunton ng pera sa doña saka hinigit ang bukasang kotse.

Mabilis na pinindot ng driver ang buton na magkakandado sa mga pinto ngunit nahuli ito ng isang segundo. Naunahan ito ni Lena na sa isang iglap ay naisalya pabukas ang pinto at nakatalon.

Highway na ang binabagtas nila nang mga sandaling iyon kaya matulin ang takbo ng sasakyan. Sa pagbagsak ni Lena sa kongkreto ay nagpagulung-gulong pa siya.

“*Por Dios!* Balikan natin siya!” utos ng natatarantang si Doña Martina.

Dagling tumalima ang driver. Nang makalapit sila sa dalaga, nakita ni Doña Martina na duguan ang ulo niya at wala siyang katinag-tinag.

“Buhay pa ba siya? Dali, dalhin natin sa ospital! Ayokong makapatay,” sabi nito sa driver.

Akmang pareho silang bababa nang mula sa kalayuan ay nasinagan sila ng ilaw buhat sa paparating na sasakyan.

“Señora, delikado. Baka mapagbintangan tayo,” takot na babala ng driver.

Nag-atubili pa si Doña Martina, halatang nalilito sa naging takbo ng mga pangyayari. “Tayo na,” utos nito nang makitang palapit na nang palapit ang paparating na sasakyan. “Dalian mo!”

Pinasibad na ng driver nito ang kotse. Naiwang nakahandusay sa kalsada ang walang malay na si Lena.